# Programa ng Pamamagitan para sa Manggagawang Pantahanan

**Ang Programa ng Pamamagitan para sa Manggagawang Pantahanan ay isang magalang, kumpidensyal, at libreng paraan ng paglutas ng mga isyu sa lugar ng trabaho nang hindi pumupunta sa hukuman.**

Para sa higit pang impormasyon o para gumawa ng appointment, mag-email sa **OLPS@dcwp.nyc.gov** o tumawag sa **311**.

## Sino ang Nakikibahagi

- Manggagawang Pantahanan
  *(sinumang manggagawang direktang nagtatrabaho para sa pribadong sambahayan sa NYC; halimbawa, tagapag-alaga ng bata, tagalinis ng bahay, iba pang provider ng pangangalaga)*
- Pansambahayang employer
- Tagapamagitan
  *(ibinibigay ng Lungsod)*
- Abogado mula sa Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa (Department of Consumer and Worker Protection, DCWP)



## Ano ang Sinasaklaw Nito

Ang pamamagitan ay para sa mga isyu sa lugar ng trabaho na nauugnay sa:

- Mga Hindi Ibinibigay na Sahod
- Minimum na Sahod at Overtime
- Bayad na Pagliban para sa Kaligtasan at Sakit
- Paghihiganti

Ipinagpatuloy >

## Paano Ito Gumagana

Makikipanayam ang isang miyembro ng tauhan ng **DCWP** sa **manggagawa** at **employer** para:

- tukuyin ang mga isyu sa lugar ng trabaho;
- ipaalam sa kanila ang tungkol sa kanilang mga karapatan at obligasyon;
- mangalap ng impormasyon at mga dokumento; at
- tulungan silang magpasya kung ang pamamagitan ang tamang landas.

Boluntaryo ang pamamagitan. Kung sumang-ayon ang parehong manggagawa at employer sa pamamagitan, makikipagtulungan sa manggagawa at employer ang isang walang kinikilingang **Tagapamagitan** mula sa Sentro para sa Malikhaing Paglutas ng Salungatan sa Tanggapan para sa Mga Administratibong Paglilitis at Pagdinig ng NYC para maunawaan ang mga isyu at magkaroon ng kasunduang patas para sa lahat. Maaari ding lumahok sa pamamagitan ang miyembro ng tauhan ng DCWP at mga kinatawan ng manggagawa o employer.

## Saan Ito Nagaganap

Sa pangkalahatan, gaganapin ang pamamagitan sa Center for Creative Conflict Resolution, 66 John Street, 11th Floor, New York, NY 10038.

## Bakit Mahalaga Ito

- **Libre** ito.
- **Kumpidensyal** ito.
- Puwedeng lumahok ang sinumang manggagawang pantahanan **anuman ang katayuan sa imigrasyon**.
- Hindi ito **gaano isinasapubliko at nangangailangan ng paghahanap at pagpapakita ng ebidensya** kumpara sa pagkilos ng hukuman, at **mas mabilis ang paglutas** nito.
- Tinitiyak ng Tagapamagitan na **patas at walang pagkiling** ang proseso.

NYC Consumer and Worker Protection

Center for Creative Conflict Resolution, City of New York, Office of Administrative Trials and Hearings

Ang Programa ng Pamamagitan para sa Manggagawang Pantahanan ay magkasamang pakikipagtulungan sa pagitan ng Departamento ng Proteksiyon ng Mamimili at Manggagawa ng NYC at ng Sentro para sa Malikhaing Paglutas ng Salungatan sa Tanggapan para sa Mga Administratibong Paglilitis at Pagdinig ng NYC.

11/2022